

Bayad sa Manggagawa sa Frontline ng Minnesota

Tungkol Saan

Upang pasalamatan ang mga Minnesotan na nagtrabaho sa mga frontline habang may COVID-19 na emerhensiya sa panahon ng kapayapaan, pinirmahan ni Gob. Tim Walz ang isang batas noong Abril 29, 2022, na nagbibigay ng kakayahan sa mga manggagawa upang mag-aplay para Bayad sa Manggagawa sa Frontline. Ang mga detalye ng programa, kabilang ang proseso ng aplikasyon at takdang panahon, ay online sa frontlinepay.mn.gov. Bisitahin ang website upang magpatala para makatanggap ng balita sa email tungkol sa Bayad sa Manggagawa sa Frontline.



Sino ang karapat-dapat

Sa una ay may dalawang bahagi ng kung sino ang karapat-dapat mag-aplay: ang mga kinakailangang trabaho at ang sektor ng trabaho.

Mga kinakailangang trabaho

Upang maging karapat-dapat para sa Bayad sa Manggagawa sa Frontline, ang aplikante ay:

- ay dapat na nagtatrabaho nang hindi bababa sa 120 oras sa Minnesota sa isa o higit na mga sektor ng frontline sa pagitan ng Marso 15, 2020, at Hunyo 30, 2021;
- para sa mga oras na nagtrabaho sa panahong ito ang aplikante ay –
 - hindi nakapagtrabaho mula sa bahay dahil sa katangian ng trabaho ng indibidwal at
 - nagtrabaho nang malapit sa mga taong nasa labas ng sambahayan ng indibidwal
- dapat makatugon sa mga kinakailangang kita para sa hindi bababa sa isa ng mga taon ng pagbubuwis na 2020 o 2021 –
 - ang mga manggagawang may tuwirang mga responsibilidad sa pangangalaga ng pasyente ng COVID-19 ay dapat nagkaroon ng iniakmang kabuuang kita* na mas mababa kaysa \$350,000 para sa may-asawang nagbabayad ng buwis na magkasamang gumagawa ng pag-file, o mas mababa kaysa \$175,000 para sa ibang mga filer at
 - para sa mga manggagawa sa mga okupasyon na walang tuwirang mga responsibilidad sa pangangalaga ng pasyente ng COVID-19, ang limitasyon na iniakamang kabuuang kita* ay \$185,000 para sa may-asawang mga nagbabayad ng buwis na gumagawa ng magkasamang pag-file, o \$85,000 para ibang mga filer; at
- hindi dapat nakatanggap ng pagbabayad ng benepisyo sa seguro para sa pagkawala ng trabaho para sa higit sa 20 linggo na kumulatibo para sa mga linggo sa pagitan ng Marso 15, 2020, at Hunyo 26, 2021.

*Iba pa tungkol sa iniakmang kabuuang kita: irs.gov/e-file-providers/definition-of-adjusted-gross-income.

Mga sektor ng trabaho

1. mga serbisyong pagtatayo, kabilang ang pagpapanatili, paglilinis at seguridad;
2. pag-aalaga ng bata;
3. mga korte at pagwawasto;
4. mga tagatugon sa emerhensiya;
5. paghahain ng pagkain, kabilang ang produksyon, pagproseso, paghahanda, pagbebenta at paghahatid;
6. mga serbisyong transportasyon sa lupa at himpapawid;
7. pangangalagang pangkalusugan;
8. pangmatagalang pangangalaga at pangangalaga sa bahay;
9. pagmanupaktura;
10. pampublikong kalusugan, serbisyong panlipunan at serbisyong regulasyon;
11. pampublikong paghahatid;
12. pagtitingi, kabilang ang pagbebenta, fulfillment, pamamahagi at paghahatid;
13. mga paaralan, kabilang ang mga charter school, mga paaralan ng estado at mas mataas na edukasyon;
14. mga pansamantalang tirahan at hotel; at
15. bokasyonal na rehabilitasyon.

Saan dapat mag-aplay

Kapag handa na ang aplikasyon, ang mga karapat-dapat na manggagawa ay magkakaroon ng 45 araw upang mag-aplay para sa Bayad sa Manggagawa sa Frontline sa frontlinepay.mn.gov. Bisitahin ang webpage para sa kapaki-pakinabang na mga tagatulong, tulad ng mga sagot sa mga madalas itanong, mga iniaabot na pang-impormasyon sa iba't ibang mga wika, maiikling video ng dapat gawin at iba pa.

Tulong sa aplikasyon

Kapag handa na ang aplikasyon, ang isang sentro ng pagtawag at help desk ay ihahanda rin upang tumulong sa mga aplikante sa iba't ibang mga wika.

Mga kabayaran

Pagkatapos ng pagproseso at beripikasyon ng mga aplikasyon, gayon din ng 15 araw na panahon para salungatin ng tinanggihang mga aplikante ang mga desisyong iyon, ang pinal na listahan ng mga karapat-dapat na aplikante ay pagpapasiyahan. Ang bawat karapat-dapat na aplikante ay bibigyan ng magkakapantay na kabayaran. Lahat ng aplikasyon ay dadaan sa proseso nang makakasabay at ang mga kabayaran ay dadalhin para sa magkakasamang pagproseso.

Paunawa: Ang flyer na ito ay isang maikling buod ng batas ng Minnesota. Ito ay nilalayong maging gabay at hindi dapat ituring na panghalili sa Mga Batas ng Minnesota na nauukol sa Bayad sa Manggagawa sa Frontline.